
Positibong Pagpapalaki,
Magkasamang Protektado

Pagpapalaki ng Ligtas at Malusog na Bata sa Korea:
Gabay sa Suporta at Pagsumbong laban sa Pag-abuso sa Bata

Para sa mga Residenteng Dayuhan na Nasa Hustong Gulang



Sa Korea, may karapatan ang bawat bata na lumaking ligtas. May responsibilidad ang mga magulang at tagapangalaga na protektahan at palakihin ang kanilang mga anak. Nagbibigay ng iba't ibang serbisyo ang pamahalaan at mga lokal na komunidad upang masuportahan ang mga kabataan at pamilya. Ipinakikita ng gabay na ito ang mga sistema at suportang magagamit ng mga magulang at tagapangalaga na naninirahan sa Korea.

Ministry of Health and Welfare

NCRC National Center for the Rights of the Child

Pag-unawa sa Pag-abuso sa Bata sa Korea: Kahulugan at mga Uri

May karapatan ang bawat bata na mamuhay at lumaking ligtas, malayo sa pang-aabuso, pagpapabaya, at karahasan. Maaaring magkaiba ang mga paraan ng pagpapalaki sa iba't ibang bansa at kultura. Sa Korea, ang pisikal na pagpaparusa ay hinding-hindi pinapayagan, at hinihikayat ang mga magulang na igalang at kausapin ang kanilang mga anak.

Ano ang "pag-abuso sa bata" sa Korea?

Sa Korea, tumutukoy ang pag-abuso sa bata sa anumang gawain na maaaring makasama sa paglaki at pag-unlad ng isang bata o magdulot ng pisikal o emosyonal na pinsala. Nasasaklawan din ng mga pamantayang ito ang mga magulang at tagapangalaga.

(Artikulo 3(7) ng Batas sa Kapakanan ng Bata)

Mga gawaing maaaring ituring na pag-abuso sa bata sa Korea

1.Pisikal na pag-abuso

anumang gawaing sinasadya na nananakit sa isang bata o nagdudulot ng pinsala sa kaniyang pisikal na kalusugan at pag-unlad



- Paghampas o pagkagat sa bata
- Pisikal na pagbanta sa bata, gamit ang bagay o puwersa
- Pagpaso sa bata o pagdulot ng iba pang pinsala sa katawan

2.Emosyonal na pang-aabuso

berbal na paglait, emosyonal na pagtakot, pagkulong o hindi makatwirang paghigpit sa kilos, at iba pang malupit na pagtrato sa bata



- Paulit-ulit na paglait sa bata o pagpuna sa kaniya
- Diskriminasyon laban sa isang partikular na bata (pagkukumpara, diskriminasyon, o pagpapakita ng pagpabor sa pagitan ng magkakapatid o magkakaibigan)
- Pagdulot ng takot o pagkabalisa sa bata, halimbawa ay paglalantad sa kaniya sa karahasan sa tahanan

3.Sekswal na pag-abuso

anumang gawaing sekswal na may kasamang bata, kabilang ang pagpapagawa sa kaniya ng malalaswang gawain, pag-oorganisa ng gayong mga gawain, at sekswal na panggigipit sa bata



- Pagnood sa bata o paghubad sa kaniyang harapan para sa sekswal na kasiyahan
- Sekswal na pagmomolestiya sa bata, o pakikipagtalik o anumang gawaing katumbas ng pagkikipagtalik sa bata
- Pag-udyok sa bata na lumahok sa prostitusyon, o pag-oorganisa ng prostitusyon na may kasamang bata

4.Pagpabaya

hindi pagbigay ng pangunahing proteksiyon, pangangalaga, medikal na paglunas, at edukasyon, kabilang ang pagkain, damit, at tirahan, o ang pag-iwan sa bata nang walang proteksiyon kaya nalalagay sa panganib ang kaniyang buhay o katawan



- Hindi pagpaaral sa bata o pagpigil sa kaniya na makatanggap ng edukasyon nang walang matuwid na dahilan
- Hindi pagbigay ng sapat na pagkain, pananamit, o medikal na pangangalaga
- Hindi pagrehistro sa kapanganakan ng bata
- Pag-iwan sa bata nang mag-isa sa bahay o kung hindi man ay walang proteksiyon


Mga palatandaan na kailangan ng tulong ng isang bata

Ang mga sumusunod ay maaaring palatandaan na nangangailangan ng tulong ang bata.

- Mga pinsala o sugat na mahirap ipaliwanag, o madadalas na pinsala sa mga bahagi ng katawan na di-karaniwang nasusugatan
- Pagiging masyadong tahimik o mapag-isa, o kaya naman ay marahas
- Paulit-ulit na pagliban sa klase, paglalayas, o pagiging huli sa pag-uwi
- Laging gutom, marumi sa katawan, o mukhang may sakit

Positibong Pagpapalaki: Ang Paraang Inirerekomenda ng Korea

Inirerekomenda ng pamahalaan ng Korea ang Positibong Pagpapalaki upang magkaroon ng paggalang sa isa't isa ang mga magulang at anak, nang sa gayon ay lumaki silang malusog. Ang Positibong Pagpapalaki ay isang paraan na gumagalang sa mga bata bilang malalayang indibidwal at nagtataguyod ng relasyon ng magulang at anak na nakasalalay sa komunikasyon at pag-unawa sa isa't isa. Ipinakikita ng 129 na Prinsipyo ng Positibong Pagpapalaki sa ibaba kung paano ito isasagawa.



Paano isinasagawa ang Positibong Pagpapalaki: Ang 129 na Prinsipyo ng Positibong Pagpapalaki



1. Kilalanin ang iyong anak

May kani-kaniyang ugali at personalidad ang bawat bata, na may sariling yugto at bilis ng pagbabago. Bantayang mabuti ang iyong anak.


(Halimbawa) Bigyan ng panahon ang mahiyaing bata na mag-adjust



2. Magnilay sa iyong sarili

Magnilay sa iyong mga katangian bilang magulang at kung paano mo pa ito mapagaganda.

(Halimbawa) Suriin ang iyong mga nararamdaman bago magalit sa iyong anak na nagkasala



3. Baguhin ang iyong pananaw

Tanungin ang sarili kung dapat bang itama ang para sa iyo'y maling pag-uugali.

(Halimbawa) Pag-unawa sa madalas na pagtatanong ng iyong anak na nagpapakita ng kaniyang pagkamausisa



4. Magkasamang umunlad

Baguhin ang iyong papel bilang magulang habang lumalaki ang iyong anak.


(Halimbawa) Pagbigay sa iyong anak ng maraming pagkakataong makapaghanda at pumili para sa kanilang sarili habang lumalaki



5. Ilaan ang iyong buong atensiyon

Kapag kasama mo ang iyong anak, tumuon lamang sa kaniya.

(Halimbawa) Pagbaba ng iyong telepono kapag kausap ang iyong anak



6. Makinig at magmalasakit

Makinig nang mabuti kapag nagpapahayag ang iyong anak, at unawain ang kaniyang nararamdaman.

(Halimbawa) Pakinggan nang maigi ang iyong anak na nakaalitan ang kaibigan, at damayan siya



7. Hindi pabago-bago

Magtakda ng mga pangako at patakaran na kayang sang-ayunan ng iyong anak, at palagi itong gawin.

(Halimbawa) Pagsunod sa oras ng pagtulog na napagkasunduan ninyo



8. Aminin ang iyong pagkakamali

Tanggapin na nagkakamali rin ang mga magulang, at humingi ng tawad.

(Halimbawa) Pag-amin sa pagkakamali at humingi agad ng tawad kung nagalit ka




9. Magtulungan sa pagpapalaki sa iyong anak

Hindi lamang nakasalalay sa magulang ang responsibilidad ng pagpapalaki. Humingi ng tulong sa malalapit sa iyo o sa dalubhasa kung kailangan.

(Halimbawa) Paghingi ng tulong sa mga propesyonal, tulad ng mga Support Center para sa Pangangalaga ng Bata, kapag nahihirapan sa pagpapalaki

Sino ang Pumuprotekta sa Kaligtasan ng mga Bata sa Korea?




Sa Korea, ang mga pamilya, paaralan, lokal na komunidad,
at ang pamahalaan ang sama-samang nagpoprotekta sa kaligtasan ng kabataan.

Mga taong nagbabantay sa kaligtasan ng kabataan: “mandatoryong tagasumbong”


- Mga guro, kawani sa daycare at kindergarten, medikal na propesyonal, at iba pa ang madalas na nakikipagkita sa mga bata at sinusuri ang kanilang paglaki at kalusugan. Maaari silang humingi ng tulong sa mga kaugnay na awtoridad (112) kapag nanganganib ang bata o kapag mayroong hinihinalang pag-abuso.
- Nakatakda ang sistemang ito upang matiyak ang kaligtasan ng bata at maipagkaloob ang suportang kailangan ng pamilya, at hindi upang parusahan ang mga magulang.

※ Artikulo 10(2) ng Batas na Nagpaparusa sa Pag-abuso sa Bata.
Sumasaklaw ito sa 27 kategorya ng trabaho na pumuprotekta sa mga bata.



Proteksiyon para sa mga taong nagbabantay sa kabataan: “proteksiyon para sa mga taong nagsusumbong tungkol sa pag-abuso sa bata”





Sa Korea, pinuprotektahan ng batas ang mga personal na impormasyon ng sinumang magsumbong tungkol sa pag-abuso sa bata o humingi ng pagpapayo.

Walang sinuman ang may karapatang ipaalam sa iba ang personal na impormasyon ng nagsumbong, o anumang impormasyon na maglalantad sa kaniya. Walang sinuman ang tatratuhin nang hindi patas dahil sa pagsumbong. Maaaring parusahan ang sinumang lalabag sa mga patakarang ito.

※ Artikulo 10(3) at 10-2 ng Batas na Nagpaparusa sa Pag-abuso sa Bata



Ano ang Nangyayari kapag Mayrooong Hinihinalang Pag-abuso sa Bata?

Nakatakda ang sistemang ito upang matiyak na ang kaligtasan ng bata at maibigay ang suporta na kinakailangan ng pamilya o tagapangalaga, at hindi upang parusahan ang mga magulang o tagapangalaga.

Paraan ng pagtugon sa pag-aabuso sa bata



1. Natanggap ang sumbong o pagpapayo

Natatanggap ang mga sumbong at paghingi ng payo sa 24-oras na linya ng pagsumbong (112).

2. Pagsuri sa kaligtasan at imbestigasyon

Magkasamang bumibisita ang pulis at opisyal na tumutugon sa pag-abuso sa bata (isang opisyal ng lokal na pamahalaan na responsable sa mga kaso ng pag-abuso sa bata) upang masuri ang kaniyang kaligtasan at mangalap ng kinakailangang impormasyon.





3. Pagsuri ng kaso

Ang resulta ng imbestigasyon ang magdedetermina kung kailangan ng proteksiyon ng bata.

4. Proteksiyon at suporta

- Kung kailangan, makakukuha ang bata ng iba't ibang serbisyo tulad ng proteksiyon, medikal na pag-alaga, pagpayo, at psychological therapy.
- Maaari ding makatanggap ang mga magulang at tagapangalaga ng iba't ibang serbisyong panlipunan tulad ng pagpayo, edukasyon, as psychological therapy.






5. Kasalukuyang pamamahala ng kaso

Magpapatuloy ang suporta upang patuloy na mamuhay nang ligtas at malusog ang bata maging ang pamilya (o tagapangalaga).

Paraan ng Pag-uulat ng Pang-aabuso sa Bata



Anumang oras, maaari kang humingi ng tulong kapag nangangamba ka sa kaligtasan ng iyong anak o kapag nahihirapan kang maging magulang.

Pagsumbong at pagpayo kapag nangangamba ka sa kaligtasan ng isang bata

Pulisya 112
Pagsumbong at imbestigasyon sa pag-abuso sa bata

Ministry of Health and Welfare Call Center 129
Pagpapayo ukol sa pag-abuso sa bata;
i-dial ang numerong 129 at pindutin ang numero 6



Si/Gun/Gu (lungsod, county, o distrito) na opisina
Panimulang pagtanggap at pagpapayo patungkol sa pag-abuso sa bata;
imbestigasyon sa pag-abuso sa bata at suporta sa proteksiyon



Ahensiya sa Kaligtasan ng Bata
Suporta sa proteksiyon at pagpapayo sa mga batang
biktima ng pag-abuso at kanilang mga pamilya

Ahensiya para sa Adbokasiya sa mga May Kapansanan 1644-8295
Suporta sa pagpapayo, imbestigasyon,
at proteksiyon sa kabataang may kapansanan na biktima ng pag-abuso



Danuri Call Center 1577-1366
Pagpapayo, interpretasyon,
at proteksiyon sa mga multikultural na pamilya sa mga
kasong pag-abuso at karahasan sa tahanan

※ Maaari kang magsumbong kahit na hindi mo alam ang eksaktong
detalye tungkol sa bata o sa pinaghihinalaang nang-abuso

Impormasyon tungkol sa mga Kaugnay na Institusyon

Mga sumusuportang organisasyon para sa mga magulang at pamilya



1 Mga online na sumusuportang organisasyon

Pambansang Sentro para sa mga Karapatan ng Bata (National Center for the Rights of the Child) (02-6454-8500, www.ncrc.or.kr)
Pinagsamang paghahatid ng mga programa para sa kapakanan ng bata at suporta sa pagbuo ng polisiya

Aisarang (i-Sarang) (www.childcare.go.kr)
Impormasyon sa pagbubuntis, panganganak, pangangalaga ng bata, at pag-enroll sa day care center o kindergarten, pati na serbisyo ng ekspertong pagpapayo

Mabubuting Magulang, Masayang mga Bata (Good Parents, Happy Children) (www.mogef.go.kr/kps/main.do)
Mga lektura sa edukasyon para sa magulang, impormasyon sa pagpapalaki ayon sa edad, at mga sangguniang materyal para sa magulang

Mga Magulang On Nuri (Parents On Nuri) (www.parents.go.kr)
Nilalaman tungkol sa edukasyon ng mga bata, kabilang ang self-directed na pagkatuto, karera at admisyon, pagkamalikhain, at edukasyon sa pagkatao

Bokjiro (www.bokjiro.go.kr)
Impormasyon tungkol sa mga programang panlipunan ayon yugto ng buhay, at mga aplikasyon para sa serbisyo

Sentro ng Konsultasyon sa Kalusugan at Kagalingan (Health and Welfare Counseling Center) (129, www.129.go.kr)
Pagpapayo at gabay sa mga serbisyo ng pagtugon sa krisis para sa emergency na suportang panlipunan, mental na kalusugan, at pag-abuso sa bata



2 Mga offline na sumusuportang organisasyon

Pangunahing Sentro para sa Suporta at Pag-aalaga ng Bata (Central Support Center for Childcare) (1577-0756, https://central.childcare.go.kr)
Mga serbisyo para sa mga magulang, kabilang ang pagsasanay at pagpayo para sa magulang, pagpapahiram ng mga laruan at libro, at mga play room

Sentro para sa Pamilya (Family Center) (1577-9337, www.familynet.or.kr)
Mga programang pangangalaga kabilang ang edukasyon at pagpapapayo sa pamilya, pagpapalakas ng kakayahan ng pamilya, pagbabahagi ng pangangalaga sa pamilya, mga sentro ng magkakatuwang sa pagpapalaki ng anak, at mga serbisyong suporta sa pangangalaga ng bata

Portal ng Suporta para sa Multikultural na Pamilya sa Danuri (Multicultural Family Support Portal Danuri) (1577-1366, www.liveinkorea.kr)
Pagpapayo sa mga multikultural na pamilya at gabay sa mga programang pansuporta



Sa wakas, para sa mga Magulang na Nagpapalaki ng Anak sa Korea

Inuuna ng Korea ang kaligtasan at karapatan ng kabataan, at nagkakaloob ng iba’t ibang pansuportang serbisyo upang maaayos na mapalaki ng mga magulang at pamilya ang kanilang mga anak.
Huwag mag-atubiling humingi ng tulong anumang oras kung nag-aalala ka sa kaligtasan ng iyong anak o nahihirapan kang maging magulang. Makakatuwang mo ang Korea upang matiyak na lalaking malusog at ligtas ang iyong anak at pamilya.